8

Republic of the Philippines

**Department of Education**

**NATIONAL CAPITAL REGION**

**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

(USLeMs)

# FILIPINO 8 (Ikatlong Markahan-USLeM:1)

| Development & Editorial Team | |
|---|---|
| **Writer:** | Maru U. Panganiban |
| **Illustrator:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Content Editor:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Language Editor:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Validator:** | Galcoso C. Alburo |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |

**(This is a Government Property. Not for Sale.)**

## Inaasahan


Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Nahihinuha ang paksa, layon, at tono ng akdang binasa

B. Naihahambing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa: paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagkakasulat, pagbuo ng salita, pagbuo ng pangungusap at pagbuo ng talata

## Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, subukin mo munang sagutan ang gawain na nasa ibaba. Mula sa mga binasa mong kuwento sa mga nagdaang aralin, pumili ka ng dalawang kuwento na iyong nagustuhan. Paghambingin ang dalawang kuwentong ito batay sa katangiang nakatala sa *graphic organizer* sa ibaba.




## Balik-Tanaw

Bilugan ang salitang ginamit sa paghahambing. Ikahon ang mga pinaghambing na tao, bagay, ideya, pangyayari, at iba pa. Sabihin kung anong uri ng paghahambing ang ginamit. Tingnan at gawing gabay ang halimbawa sa ibaba. Ilagay sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

**Halimbawa:**
Paghahambing na Magkatulad — Tulad ng maaliwalas na kalangitan ang kaniyang ngiti.

1. Siya ay gaya ng pagong sa bagal kumilos sa tuwing papasok ng paaralan.
2. Sintamis ng kendi ang naging pagbabalikan ng magkasintahan.
3. Ang kaniyang puso ay sinlamig ng bato nang humingi ako ng tawad.
4. Ang pag-aaral ay higit na mahalaga kaysa alinmang yaman sa mundo.
5. Mas mataas ang tanim kong kalamansi kaysa tanim na kalamansi ng kapitbahay.

## Pagpapakilala ng Aralin

Bago ka magpatuloy sa bagong aralin, ibahagi mo ang mga natatanging gawain o programa ng inyong paaralan o barangay sa pagiging huwaran at mabuting mamamayan. Isulat mo ito sa bawat sulok ng bituin.



Ngayon ay sisimulan mo na ang paksang aralin. Handa ka na ba? Umpisahan ito sa pamamagitan ng pagbasa at pagsagot sa mga tanong.

**Jesus Dela Penian, May Ugaling Matapat**
ni Julliah Trixie Sancho

Ang pagiging matapat ay isa sa magandang ugali na marapat taglayin ng isang tao. Sabi nga, “Ang pagsasama nang matapat ay pagsasama nang maluwat,” sapagkat pinatatagal at pinatitibay nito ang mabuting samahan. Mula ritoý nakabubuo tayo ng isang mabuting ugnayan sa kapuwa at komunidad na tiyak mayroon ang mga mamamayan sa lungsod ng Marikina.

Ang Lungsod ng Marikina, sa pangunguna ni Mayor Marcelino R. Teodoro ay naglalayong mapanatili ang mabubuting ugali ng bawat Marikeño. Dahil dito, isinulong ng alkalde ang kampanyang #DisiplinaMuna.

Isa sa mga paaralan na maipagmamalaki ng lungsod ng Marikina ay ang Jesus Dela Peña National High School. Taglay ng mga mag-aaral dito ang mabubuting ugali ng isang taga-Marikina, isa na rito ang pagpapamalas ng katapatan.

Hindi lamang basta binabanggit ng mga mag-aaral ang mga pananalitang, "Ako ay Jesus Dela Peñan. Ako ay Matapat!" sa tuwing babati bagkus ay pinangangatawanan nila ito. Sa pamamagitan ng pagbigkas nito ay lalong tumitimo sa mga mag-aaral ang kampanyang #DisiplinaMuna. Kaya naman, ito ay lalong tumatatak sa isipan ng bawat isa.

Kabilang sa programa ng paaralan ay ang "*Project Smile*" at #JDPUgalingMatapat. Tampok dito ang *"Lost and Found"* na sa tuwing may gamit na nawawala o kaya naman ay natatagpuan sa paligid ng paaralan ay agad na dinadala ito sa *Guidance Office.* Inaaksyunan ito sa paraang pag-uulat at pagpapaskil sa *Facebook Group* ng paaralan upang maipaalam sa madla o maisauli ito sa nagmamay-ari.

Ilan sa mga bagay na madalas na naiuulat na natatagpuan ay cellphone (tulad ng Android Phone at Iphone), pera (mula P20.00 hanggang P1,000.00) at mga pitaka. Ang mga naiulat na nawawala ay pawang napulot sa mga palikuran at kantina ng paaralan.

Ayon kay kay Bb. Flerida Venzon, isa sa mga guro ng paaralan, "Lubhang napakaganda ng salitang katapatan. Mula rito ay nakalalaya tayo sa anomang bagay na bumabagabag sa atin. Isang karangalan na makahubog ng mga mag-aaral na may mabuting ugali tungo sa paghulma ng isang mabuting pamayanan. Kaya't ang mga guro at ang mga tagapamahala ng paaralan ay labis na natutuwa sa katapatang mayroon ang mga mag-aaral. Sana'ý maipagpatuloy ang kaugaliang ito sa loob man o labas ng paaralan."

Samakatuwid, nagpapatunay lamang na ang mga programa ng pamahalaang lungsod ng Marikina ay isinasabuhay at patuloy na pinaiiral dahil ang bawat Jesus Dela Peñan ay taga-Marikina at may mabuting ugali.

SANGGUNIAN: https://www.elearningmarikina.ph/nhu-archives-19-20

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong:**

1. Ano ang kampanya ng alkalde ng Marikina sa kanilang lungsod? Batay sa binasa, masasabi mo ba na ito'y naging matagumpay? Patunayan ang iyong sagot.
2. Batay sa nilalaman ng teksto, ano ang layunin ng alkalde sa nasabing kampanya? Makatotohanan ba ang layuning ito? Bakit?
3. Paano isinasagawa ang programang "Project Smile" at #JDPUgalingMatapat?
4. Naniniwala ka ba na malaking tulong ang programa upang tumimo sa mga mag-aaral ang mabubuting ugali? Bakit?
5. Bilang mag-aaral sa inyong paaralan at bilang isang kabataan sa inyong barangay, ano-anong programa ang nais mong imungkahi para ilunsad kaugnay sa binasang teksto? Isulat sa tsart sa susunod na pahina.

| Programa para sa Paaralan | Programa para sa Barangay |
|---|---|
| | |

Natitiyak akong nasagutan mo nang tama ang mga tanong sa itaas. Kaya naman, oras na para palawigin na natin ang iyong kaalaman at kakayahan kaugnay sa aralin sa modyul na ito.

Ang teksto ay maaaring uriin batay sa paksa, layon, tono, pananaw, at paraan kung paano ito isinulat. Kaya naman, maaari mong ihambing ang isang teksto sa iba pang teksto batay sa sumusunod:

1. **Batay sa Paksa** – ito ang sentro o pangunahing tema na pokus sa pagpapalawak ng ideya.

2. **Pagtukoy sa Layunin ng Teksto** – Tumutukoy ito sa nais na mangyari ng manunulat sa kaniyang mambabasa. Mahihinuha ito sa mga salitang ginagamit sa teksto at sa paraan ng organisasyon. Ang mga layuning ito ay maaaring manlibang o mang-aliw, manghikayat, magbigay ng impormasyon, magbigay ng opinyon o magpaliwanag.

3. **Pagtiyak sa Damdamin, Tono, at Pananaw ng Teksto**
   a. Damdamin –Ito ay mga damdaming nakapaloob sa teksto na maaaring makaapekto sa mga mambabasa. Ang mga damdaming ito ay maaaring madama ng mambabasa tulad ng saya o tuwa, takot, lungkot, galit at iba pa.
   b. Tono – Ito ay paraan ng ekspresyon ng saloobin ng awtor sa paksang kaniyang tinalakay. Maaaring masaya, malungkot, seryoso, mapagbiro, mapangutya at iba pa.
   c. Pananaw – Ito ay tumutukoy pagpapahayag ng *punto de vista* o pananaw ng may-akda. Makikita ito sa panauhang ginamit ng awtor sa akda.
   - Unang Panauhan – ako, ko, akin, kita, tayo, natin, atin, kami, namin at amin
   - Ikalawang Panauhan – ikaw, ka, mo, iyo, kayo, ninyo, at inyo
   - Ikatlong Panauhan – siya, niya, kaniya, sila, nila at kanila

**3. Paraan ng Pagkakasulat, Pagbuo ng Salita, Pagbuo ng Pangungusap at Pagbuo ng Talata**

Maaari uriin ang mga teksto sa paraan ng pagkakasulat nito, pagbuo ng mga salita, pangungusap at talata. Tingnan ang sumusunod:

a. **Tekstong Deskriptibo** – Ito ay tekstong naglalarawan sa mga katangian o impormasyong may kaugnayan sa tao, bagay, hayop, lugar, at mga pangyayari sa paligid. Gumagamit ito ng mga salitang naglalarawan.

b. **Tekstong Persweysib** – Ito ay tekstong nanghihikayat. Gumagamit dito ng mga salitang panghikayat upang makuha ang interes ng mambabasa at mahikayat na kumilos o pumanig sa isang isyu.


c. **Tekstong Naratibo** – Ito ay tektong nagsasalaysay ng mga pangyayari. Kalakip ng mga impormasyon ay ang mga pangyayaring maaaring hango sa tunay na buhay o karanasan ng manunulat kung ang isinusulat ay di-piksyon. Maaari rin namang bunga ng malikhain at mayamang guniguni o imahinasyon ng awtor o ang tinatawag na piksyon.

d. **Tekstong Argumentatibo** – Ito ay tekstong nangangatuwiran. Layunin nitong mahikayat ang mga mambabasa na tanggapin ang mga argumentong inilahad. Gumagamit dito ng mga salitang nangangatuwiran at mapanghikayat upang patotohanan ang argumento ng may-akda.

e. **Tekstong Impormatibo** – Ito ay tekstong nagbibigay ng mga impormasyon. Layunin nitong magbigay ng mga kaalaman na walang kinikilingan tungkol sa iba't ibang paksa.

# Gawain

A. Gamit ang *graphic organiz*er sa ibaba, isa-isahin ang iyong hinuha sa nilalaman ng tekstong binasa na **"Jesus Dela Penian, May Ugaling Matapat"** batay sa: layon, paksa, pagkakasulat ng teksto, tono, pananaw at damdamin.



B. Ihambing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa: paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagsulat/uri ng teksto, pagbuo ng salita, pagbuo ng pangungusap at pagbuo ng talata. Sundan ang pormat sa ibaba. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot.

| **Paghambingin:** | Paksa | Layon | Tono | Pananaw | Uri ng Teksto/ Paraan ng Pagsulat | Pagbuo ng salita at Pangungusap | Pagbuo ng Talata |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Tekstong Binasa | | | | | | | |
| Iba pang Teksto | | | | | | | |

# Tandaan

May iba't ibang uri ng teksto ayon sa impormasyon o mensaheng nais ipabatid sa mambabasa. May mga teksto na magkakapareho ang paksa at nilalaman ngunit napag-iiba ito batay sa layunin ng manunulat. Matutukoy at mahihinuha ito batay sa tono at pananaw ng awtor na nakaaapekto sa damdamin at kaisipan ng mambabasa.

Sa paghihinuha, ang mambabasa ay bumubuo ng mga palagay o implikasyon sa kaniyang binabasa batay sa mga pahiwatig na ibinibigay ng manunulat. Hindi tuwirang sinasabi ng may-akda ang nais niyang sabihin kayat kailangang matuklasan ng mambabasa ang nakatagong kahulugan ng mga salita at mga pahiwatig sa teksto.

# Pag-alam sa mga Natutuhan

Sa bawat araw ay may bagong balita at ang bawat balita ay bahagi na ng ating kasaysayan. Basahin at unawaing mabuti ang babasahin na nasa ibaba. Ibigay ang iyong mga hinuha mula rito at iugnay ito sa kasalukuyang pangyayari sa ating bansa. Gamitin ang *graphic organizer* bilang patnubay.

**Malaking hamon sa DepEd at magulang**
(Editoryal mula sa Philippine Star Ngayon)

KAHAPON ay nagsimula ang *distance learning* para sa mga pampublikong paaralan sa buong bansa. Malaki ang pagkakaiba kaysa sa nakagawiang "face-to-face" *classes*. Nasa bahay lang ang mga estudyante at nakatutok sa kanilang *gadgets* --- laptop, tablet, TV at radyo. Wala na ang

nakagawiang paghahatid ng ama o ina sa anak sa *school*. Wala ng *school bus* at iba pa. Ito ang binago ng pandemya.

Ganunman, lalong naging malaking hamon ang bagong pamamaraan hindi lamang sa mga guro kundi pati sa mga magulang. Kung dati, mga guro lamang ang gumagabay sa mga bata habang nasa *school*, ngayon mas kailangan na ang patnubay ng mga bata. Mas lumawak ang responsibilidad ng mga guro at magulang.


Naging handa naman ang *Department of Education* (DepEd) sapagkat mahigit 6,000 *educational TV* at *radio shows* ang kanilang inihanda para sa mga estudyante sa buong bansa. Ang mga mag-aaral na hindi makaka-*access* sa *internet* dahil nasa malalayong lugar ay dadalhan nila ng mga *self-learning module*. Hahanapin umano ng mga guro ang tirahan ng mga mag-aaral para hatiran ng *modules*.

Ayon kay *Undersecretary* Tonisito Umali, hindi raw dapat mangamba ang mga estudyante na nasa malayong lugar dahil regular silang hahatiran ng *printed modules*. Nakikiusap naman ang DepEd sa mga magulang na gabayan ang kanilang mga anak sa pag-aaral. Ayon pa kay Umali, may 3,120 *television lessons* at 3,445 *radio episodes* ang eere sa 207 *television channels* at 162 istasyon ng *radio* sa buong bansa kaya makakasunod ang nasa 24.7 milyong estudyante na nakaenrol ngayong pasukan.

Bagong pamamaraan ng pagtuturo kaya nararapat lamang na magabayan nang maayos ang mga bata. Kapag hindi sila nagabayan, sayang ang pagtuturo. Mawawalan ng saysay ang lahat.

Malaking hamon ang *distance learning* hindi lamang sa mga guro kundi sa mga magulang. Dapat mayroon din silang komunikasyon sa isa't isa para maging malinaw sa mga bata ang pinag-aaralan. Dapat magkatulong sila para magtagumpay ang mga bata

Oktubre 6, 2020,
Philippine Star Ngayon



Narito ang mga pamantayan bilang iyong gabay sa pagsagot sa gawaing ito.

| **Mga Pamantayan** | **Puntos sa Sarili** | **Puntos ng Guro** |
|---|---|---|
| Nailahad nang malinaw ang paghihinuha batay sa paksa ng teksto, | | |
| Nailahad nang malinaw ang paghihinuha batay sa layunin ng teksto. | | |
| Nailahad nang malinaw ang paghihinuha batay sa tono ng teksto. | | |
| **Kabuoang Puntos** | | |
| 10 – Napakahusay<br>8 – Mahusay<br>6 – Katamtamang Husay | 4- Kailangan pang paghusayan<br>2- Magsanay upang humusay | |

## Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan sa paksang tinalakay.

A. Piliin sa loob ng ulap ang mga salitang tinutukoy sa bawat bilang sa ibaba. Isulat sa hulihan ng bawat pangungusap.

Paksa Layon Damdamin Tono
Pananaw Teksto


1. Ito ang sentro o pangunahing tema o pokus sa pagpapalawak ng ideya. _________
2. Ito ang naging resulta ng saloobin ng mambabasa sa binasang teksto. __________
3. Tumutukoy ito sa punto de vista na ginamit ng awtor sa teksto. _______________
4. Ito ang saloobin ng awtor sa paksang kaniyang tinalakay. _____________________
5. Ito ang nais iparating ng awtor sa kaniyang mambabasa. ______________________

B. Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na situwasyon. Tukuyin kung ang inilahad ay paksa, layon at tono. Isulat sa katabi ng bilang ang **A** kung ito ay paksa, **B** kung layon at **C** naman kung tono.

1. Ito ay tumutukoy sa usaping tinatalakay sa teksto.
2. Ito ay tumutukoy sa saloobin ng awtor sa kaniyang paksang isinulat.
3. Makahihinuha agad ang mambabasa sa nilalaman ng teksto batay sa pangunahing kaisipan nito.

4. Ito ay tumutukoy sa kung ano ang nais mangyari ng isang awtor sa kaniyang mambabasa.
5. Sa pamamagitan nito ay mahihinuha mo na kung ang teksto ay mapagbiro o mapanudyo, masaya o malungkot, seryoso at satiriko.

## Susi sa Pagwawasto


**Balikan-Tanaw**

1. Siya ay gaya ng pagong sa bagal kumilos sa tuwing papasok ng paaralan.
2. Sintamis ng kendi ang naging pagbabalikan ng magkasintahan.
3. Ang kaniyang puso ay sinlamig ng bato nang humingi ako ng tawad.
4. Ang pag-aaral ang labis na mahalaga kaysa anomang yaman sa mundo.
5. Mas mataas ang tanim kong kalamansi sa tanim ng kapitbahay.

1. Magkatulad
2. Magkatulad
3. Magkatulad
4. Di-Magkatulad
5. Di-magkatulad

## Sanggunian


- https://www.slideshare.net/EmmanuelAlimpolos/mga-kasanayan-sa-akademikong-pagbasa-55453099
- https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/10/06/2047452/editoryal-malaking-hamon-sa-deped-magulang
- https://study-everything.blogspot.com/2014/06/pagtiyak-sa-damdamin-tono-layunin-at.html